

PAGLUTAS NG MGA ALITAN

7

ARALIN

MGA PAMANTAYANG TINUTUGUNAN

- Maisabuhay ng mga estudyante ang mga kasanayan sa pagsasalitan, pakikinig sa iba, at pagsasalita nang malinaw.
- Gagamit ang mga estudyante ang mga aktibo at atentibong kasanayan sa komunikasyon, pagbatayan ang mga ideya ng iba para tumuklas, matuto, magsaya, makipagdebate, at makipagpalitan ng impormasyon.
- Magpapangalan ang mga estudyante ng malusog na paraan para magpahayag ng mga pangangailangan, kagustuhan, at damdamin.
- Malalaman ng mga estudyante kung paano ilapat ang mga kasanayan sa paglutas ng alitan.

MGA LAYUNIN

Maunawaan ng mga estudyante na kapag lumulutas ng alitan, mahalagang huminahon bago gumawa ng anumang aksyon.

Maunawaan ng mga estudyante na ang paglutas ng mga alitan ay nangangailangan ng bukas na isip at pakikinig sa panig ng iba.

Matutunan ng mga estudyante na may mabuti at masamang paraan para malutas ang alitan, at ang kompromiso ay mahalaga sa paglutas ng mga tunggalian.

Matutunan ng mga estudyante na gumawa ng mga pahayag na "Ako" sa halip na mga pahayag na "Ikaw."

MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- Pisara o chart paper at mga marker ("Gagawin Ko")
- Listahan ng mga pahayag na “Ako” at “Ikaw” (“Gagawin Natin”)
- Resource ng tagapagturo na “Mga Sitwasyon ng Alitan” at isang basket (“Gagawin Mo”)

Ipaliwanag sa klase na nangyayari ang alitan kapag hindi sumasang-ayon o nagtatalo ang mga tao tungkol sa isang bagay. Itanong sa mga estudyante, “Nasangkot ka na ba sa isang alitan sa bahay o sa paaralan? Ano ang nangyari?” Talakayin ang mga halimbawa ng mga estudyante hanggang may oras. Sabihin sa mga estudyante, “Nangyayari ang mga alitan, pero may mabuti at masamang paraan para malutas ang mga ito. Malalaman natin ang tungkol dito ngayong araw.”

Kaalamang Ipinepresenta ng Guro/Gagawin Ko

10 Minuto

Bago ang klase, gumawa ng tsart na pinamagatang “Plano sa Paglutas ng Alitan.” Sa ilalim ng pamagat, isulat ang sumusunod na mga estratehiya sa paglutas ng alitan:

1. Huminga nang malalim at huminahon.
2. Makinig nang mabuti.
3. Pag-isipan ang sitwasyon.
4. Gamitin ang mga pahayag na "Ako" sa halip na mga pahayag na "Ikaw."
5. Maghandang makipagkompromiso.

Ngayon, ituon ang atensyon ng mga estudyante sa iyong “Plano sa Paglutas ng Alitan.” Sabihin sa mga estudyante, “Gumawa ako ng listahan ng mga bagay na makakatulong para malutas ang isang alitan. Ibabahagi ko sa inyo ang listahang ito. Habang binabasa ko ito, ipapaliwanag ko sa inyo ang bawat estratehiya at ipapakita ko sa inyo kung paano ito gagawin.” Imodelo ang bawat estratehiya para sa mga estudyante.

Pinapatnubayang Pagsasanay ng Estudyante/Gagawin Natin

15 Minuto

Sabihin sa mga estudyante, "Ngayon, kayo naman ang susubuk ng bawat estratehiya. Una, huminga tayo nang malalim at kalmado. Huminga sa pamamagitan ng inyong ilong, damhin ang hangin na pumapasok sa inyong dibdib, at pagkatapos ay huminga nang dahan-dahan palabas sa pamamagitan ng inyong bibig." Ipagawa sa mga estudyante ang pagsasanay na ito nang ilang beses. Pagkatapos, itanong sa mga estudyante kung paano napapakalma ng mabagal na paghinga ang kanilang mga katawan.

Susunod, sabihin sa mga estudyante, "Ngayon, magbabasa ako ng ilang pahayag at gusto kong makinig kayong mabuti. Bigyan ninyo ako ng thumbs-up kung ipinapahayag ko ang mga pangangailangan ko sa mabuting paraan at thumbs-down kung sinisisi ko lang ang ibang tao at pinapalala ang mga bagay-bagay." (*Maaaring kasama sa mga halimbawa ng mga pahayag na "Ako" ang "Gusto kong makipaglaro sa iyo" at "Nagugutom ako." Ang mga pahayag na "Ikaw" ay maaaring "Hindi mo ako pinapaglaro" at "Hindi ka nakikinig sa akin."*) Pagkatapos basahin ang mga pahayag, hilingin sa mga estudyante na suriin kung paano maaaring ikagalit ng mga tao ang mga pahayag na "Ikaw" at paano makakatulong sa iba ang mga pahayag na "Ako" na makita kung ano ang kailangan ng isang tao.

Panghuli, basahin at ipaliwanag ang isang halimbawang alitan at hilingin sa mga estudyante na magtalakayan ng ilang paraan para mapabuti ang sitwasyon. (*Halimbawa, lagi kang pinapalaro ng isa sa mga kaibigan mo ng larong gusto niyang laruin.*)

Sariling Pagsasanay ng mga Estudyante/Gagawin Mo

15 Minuto

Ilagay sa isang basket ang mga sitwasyon mula sa activity sheet na “Mga Sitwasyon ng Alitan” (tiyaking may isang alitan para sa bawat dalawang estudyante).

Igrupo ang klase nang magkakapares at sabihin sa mga estudyante, “Kayo ng inyong ka-partner ay lulutas ng alitan nang kayo lang. Pipili ako ng isang alitan para sa inyo mula sa aking basket, at pagtutulungan ninyong lutasin ito. Oobserbahan ko ang bawat isa sa inyo para makita kung sino ang humihinga nang kalmado at kung sino ang gumagamit ng mga pahayag na 'Ako' kapag pinag-uusapan ang problema. Sa huli, dapat ay handa kayong magka-partner na magkompromiso.”

Ibigay sa bawat pares ang isang alitan mula sa iyong basket at, kapag may sitwasyon na ang bawat pares, sabihin sa klase na magsimula na. Maglibot sa silid habang nagsasanay ang mga estudyante sa paglutas ng alitan.

Pagtatapos

5 Minuto

Tumawag ng mga magka-partner para ibahagi ang paglutas ng kanilang alitan. Balikan ang apat na hakbang na nakalista sa “Plano sa Paglutas ng Alitan.”

Pagtatasa sa Estudyante

1. Ano ang ilang bagay na maaari ninyong gawin para maiwasan ang alitan? (*Dapat kasama sa mga sagot ang paggamit ng mga pahayag na "Ako", pagpapakalma sa sarili sa pamamagitan ng paghinga nang malalim, atbp.*)
2. Maaari bang magkaroon ng mga alitan ang matalik na magkaibigan at maging mabuting magkaibigan pa rin?
3. Ano ang pakiramdam ninyo pagkatapos ninyong matagumpay na malutas ang alitan?

MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

PAGPAPALAWIG NG SINING

Ang bawat estudyante ay maaaring gumawa ng isang bulaklak na may mga talulot na may nakasulat na iba't ibang estratehiya sa paglutas ng alitan. Maaaring lagyan ng larawan o pangalan ng estudyante ang gitna ng bulaklak. Gumawa ng bulletin board na “Payapang Hardin sa Silid-aralan”.

PAGPAPALAWIG NG SINING

Pagawin ng mga collage ang mga estudyante na pinagsasama-sama ang mga salita at larawan para ipakita kung ano ang hitsura ng paglutas ng alitan sa kalahati ng papel (*mga taong nag-uusap nang magkasama, nakikipagkamay, nakangiti*) at kung ano naman ang hitsura ng hindi nalutas na alitan sa kabilang hati (*mga taong sumisigaw, mga galit na mukha*).

PAGPAPALAWIG NG DRAMA

Pagtanghalin ng dula ang mga estudyante na nagtuturo ng mga estratehiya sa isang kaibigan para sa paglutas ng alitan.

PAGPAPALAWIG NG PANITIKAN

Basahin sa klase ang *Matthew and Tilly*, ni Rebecca C. Jones. Pagkabasa, ituon ang mga estudyante sa iyong anchor chat na “Mga Pagpipilian sa Paglutas ng Problema” (*puwede mo ring gamitin ang halimbawang anchor chart sa dulo ng araling ito*). Sabihin sa mga estudyante, "Gamit ang formula sa paglutas ng problema na ipinapakita dito sa anchor chart, paano nalutas nina Matthew at Tilly

ang kanilang problema?" Gabayan ang mga estudyante na makabuo ng mga sumusunod na konklusyon at itala ang mga ito sa iyong anchor chart:

- Una, gumawa sila ng isang bagay na nagpalala ito. Nagalit sila sa isa't isa dahil sa sirang krayola.
- Pagkatapos, wala silang ginawa para malutas ang problema, sa halip ay naghiwalay na lang.
- Sa wakas, gumawa sila ng isang bagay para mapabuti ang sitwasyon at malutas ang kanilang problema. Nangulila sila sa isa't isa, kaya ngumiti si Tilly kay Matthew at humingi siya ng tawad.

PAGPAPALAWIG NG PANITIKAN

Papiliin ang mga estudyante ng kanilang paboritong tauhang kathang-isip na kilala sa paglutas ng mga alitan at ipatukoy ang mga salitang naglalarawan sa tauhan.